



Ang Salita ay Karunungan



(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Kar 7:7-11)

⁷SAPAGKAT napag-unawa kong ako’y tao lamang, ako’y nanalangin at binigyan naman ako ng kaalaman. Tumawag ako sa Diyos at binigyan ako ng Karunungan. ⁸Higit na mahalaga sa akin ang Karunungan kaysa trono at setro, at mas matimbang kaysa alinmang kayamanan. ⁹Hindi ko maipagpapalit maging sa pinakamahal na alahas. Ang ginto ay tulad lamang sa buhangin kung ihahambing sa Karunungan. Ang pilak nama’y nagmimistulang putik kapag inihambing sa kanya. ¹⁰Para sa akin, siya’y higit pa sa kalusugan o kagandahan. Mas gusto ko siya kaysa alinmang ilaw sapagkat ang luningning niya’y walang pagkupas. ¹¹Nang kamtan ko ang Karunungan, dumating sa akin ang lahat ng pagpapala; siya ang nagkaloob sa akin ng kayamanang walang kapantay.

Tema: **Karunungan**

PAGPAPALIWANAG

- Ang ating teksto ay bahagi ng Proto (Unang) Isaias (Is 1-39).
- Ang teksto, para sa mga Katoliko, ay napabilang sa Deutero-Canonic ng Mga Kasulatan. Sa b. 7, humingi ang nanalangin ng pag-uunawa at ito ay kanyang ipinagkaloob: Ang Espiritu ng Kaalaman.
- Sa bb. 8-10, ipinakita ang kahalagahan kung paano makamit ang Kaalaman: a) higit pa sa trono at setro; b) higit sa anumang luntian ng ilaw.
- Kahit kayamanan, alahas, ginto, pilak (bb. 8-9) o kaya’y kalusugan o kagandahan (b. 10) ay hindi mapapantayan ang karunungan.
- Ipinapahiwatig na may pagpapala at kayamanan ang lahat na may karunungan.

ANG AKING PAGNINILAY

SALMONG TUGUNAN (Slm 89) PAGIBIG MO'Y IPADAMA; AAWIT KAMING MASAYA.

IKALAWANG PAGBASA (Heb 4:12-13)

¹²ANG SALITA ng Diyos ay buhay at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila'y talim. Ito'y tumatagos maging sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao. ¹³Walang makapagtatago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit.

Tema: **Ang Salita ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- Anu-ano ang mga katangian ng Salita ng Diyos? Buhay at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila'y talim. Ito'y tumatagos maging sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao.
- Bakit ba natin masasabi na ang Salita ng Diyos ay ang Diyos mismo?

ANG AKING PAGNINILAY

MABUTING BALITA (Mc 10:17-27)

Ang Tagpuan at ang Tanong

¹⁷NOONG panahong iyon, habang paalis na si Hesus ay may isang lalaking patakpong

lumapit, lumuhod sa harapan niya at nagtanong, “Mabuting Guro, ano po ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?”

Sagot: Nagpaliwanag sino ang “Mabuti”

¹⁸Sumagot si Hesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos. ¹⁹Alam mo ang mga utos: ‘Huwag kang papatay; huwag kang mangangalunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang magsisinungaling sa iyong pagsaksi; huwag kang magdadaya; igtalang mo ang iyong ama't ina.’”

Ang Lalaki

²⁰“Guro,” sabi ng lalaki, “ang lahat po ng iya'y tinutupad ko na mula pa sa aking pagkabata.”

Hesus

²¹Magiliw siyang tiningnan ni Hesus, at sinabi sa kanya, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Humayo ka, ipagbili mo ang iyong ari-arian at ipamigay sa mga dukha ang pinagbilhan, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin.”

Reaksyon ng Lalaki

²²Namanglaw ang lalaki nang marinig ito, at malungkot na umalis, sapagkat siya'y napakayaman.

Si Hesus at mga Tagapagsunod

²³Tiningnan ni Hesus ang mga nasa paligid niya at sinabi sa kanyang mga alagad, “Napakahirap mapabilang ang mayayaman sa mga pinaghaharian ng Diyos.” ²⁴Nagtaka ang mga alagad sa pananalitang ito. Muling sinabi ni Hesus, “Mga anak, talagang napakahirap mapabilang sa mga pinaghaharian ng Diyos! ²⁵Madali pang makaraan ang kamelyo sa butas ng karayom kaysa pasakop sa paghahari ng

Diyos ang isang mayaman.”²⁶ Lalong nagtaka ang mga alagad, kaya’t sila’y nagtanungan, “Kung gayo’y sino ang maliligtas?”²⁷ Tinitigan sila ni Hesus at sinabi sa kanila, “Hindi ito magagawa ng tao, ngunit hindi ito mahirap sa Diyos. Magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay.”

Tema: **Ang Kaharian ng Diyos (Ang Buhay na Walang Hanggan)**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Mabuting Balita ay nagsimula sa tanong ng isang lalaki. Ano ba ang aking dapat gagawin upan makamit ang buhay na walang hanggan? Kaya ito ang paksa ng ating Ebanghelyo.
- May dalawang bahagi ang ebanghelyo: a) bb. 17-22, Pag-uusap ni Hesus at ng Lalaki at b) bb. 23-27, pag-uusap ni Hesus at kanyang mga Alagad.
- Sa unang bahagi, hindi dinidiin ni Hesus ang mga utos na sinunod ng lalaki, sa halip ay ang mga bunga ng kanyang pagsunod ng utos: ibahagi ang kayamanan sa iba. Kaya siya malungkot kasi mahal niya ang kanyang mga ari-arian.
- Sa ikalawang bahagi, binigyan ni Hesus ng diin ang desisyon ng mga alagad, na tinalikuran nila ang lahat upang sumunod sa kanya. At kanyang ipinakita na upang makamit ang buhay na walang hanggan, kailangang talikuran ang mga mahal sa buhay. Ngunit ang kabalintunaan ng lahat ay ang sinumang tumalikod ng lahat na mahalaga sa kanya ay magkakaroon ng mga labis-labis na biyaya, hindi lamang sa mundong ito ngunit pati na rin sa buhay na walang hanggan.

ANG AKING PAGNINILAY

I. PAG-UUGNAY

Anu-ano ang iba’t ibang mga dinidiin ng mga Pagbasa:

Nakatuon ang Unang Pagbasa sa kahalagahan ng Karunungan, at ang pagsisikap na makamitan ito ay importante. Ang taong may Karunungan ay naniniwala na ang Salita ng Diyos ay nanirahan kasama natin kaya dapat isapuso natin ito (Ikalawang Pagbasa). Ang Salita na itinuturo ni Hesus at isinabuhay natin ay ang pinakamahalaga sa lahat. Kailangan na ito ang numero uno sa ating buhay, ang pinakaprioridad sa lahat. Kung ito ay mangyayari, ang lahat ay ibibigay sa atin, mapapabilang tayo sa Kaharian ng Diyos.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ay Linggo ng mga Katutubong Pilipino.

Sa Mindanao, kahit na may bagong balangkas na ang Bangsa Moro, nararanasan pa rin ng mga tao ang pagbobomba at mga banta ng “kidnapping.”

- *Pagpapaliwanag:* Br. Hansel Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

- Hebreo ng asawang lalaki (*ish*)- *issah* (asawang babae).
- Ang ugnayan ng mag-asawa ay itinuturing na katuwang at hindi “sa ilalim” o kaya ay parang “ikalawang miembro” lamang.

PAGNINILAY

Sa kaisipan ng mga Hebreo, sa bawat bagay sa paligid, palaging tinutukoy ang kasarian at kahulugan nito. May tawag sa asawang lalaki (*ish*) at asawang babae (*issah*) at kahit ang mga bagay na pmay pangalan ay tukoy ang kasarian.

Sinisikap ng teksto na ipaliwanag ang simula ng kaugnayan ng pag-aasawa, ngunit sa sa konteksto ng kuwento, ito ay dahil sa usapin ng trabaho (pagbubungkal at pag-aalaga ng bukid).

Ang samahan ng mag-asawa ay tinitingnan na magkatuwang (nagtutulungan).

Ang sino mang pumasok sa ugnayang ito ay kailangang handang magtrabaho (maging mabunga).

Ang tao (ang lalaki) ay kailangang responsable. At ang babae (na asawa) ay tumutulong.

Kapwa ay inaasahang magtutulungan.

Ang teksto ay nagpapaalala sa mga mag-asawa na maging tapat sa kanilang kasama. Tinuturo ang magkakaroon ng isang aswa lamang (*monogamous*).

SALMONG TUGUNAN (Slm 127) TAYO NAWA AY BASBASAN NG POON MAGPAKAILANMAN.

IKALAWANG PAGBASA (Heb 2:9-11)

⁹MGA KAPATID, alam nating si Hesus, bagamat sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. ¹⁰Dahil sa pag-ibig ng Diyos, niloob niya na si Hesus ay mamatay para sa ating lahat. Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya’y pinapaging- ganap ng Diyos na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Marapat lamang na gawin niya iyon sapagkat si Hesus ang

pinagmumulan ng kanilang kaligtasan.

¹¹Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila, at iisa ang Ama ng nagpapabanal at ng pinagiging-banal. Kaya’t hindi niya ikinahiyang tawagin silang mga kapatid.

Tema: Si Hesus at ang mga Bata

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay nagsasaad ng hiwaga ng katauhan ni Hesus.
- Si Hesus, kahit na isang Diyos ay nagpapakumbaba at dumanas ng kamatayan.
- Sa pamamagitan Niya at para sa kanya ang lahat ng bagay ay nagkaroon ng buhay; Siya ang nagpapakasakit upang maganap ang kaligtasan ng lahat.
- Si Hesus ang daan na makapasok sa langit ang mga bata.
- Hinirang niya at itinalaga...
- Hindi niya ikinahihiyang tawagin tayong Kanyang mga ‘kapatid.’
- Ang ginawa ni Hesus (paggawad sa atin ng kaligtasan) ay isang katangi-tanging gawa.

PAGNINILAY

Iginawad kay Hesus ang luwalhati at papuri dahil sa Kanyang pagpapakasakit.

Kahit na Siya ay Diyos, ninais niya na magpapakumbaba, dumanas ng pagpapakasakit at kamatayan (lubos na pagpapakumbaba).

Ito ang kanyang pamamaraan (daan) upang maipatupad ang ating kaligtasan.

Ang kaganapan ng ating kaligtasan ay ang pagkakaroon ng kaluwalhatian.

Ang kaganapan ng kaligtasan ay ang pagtuturing sa isa’t isa na, ‘kapatid.’

Ang maging kabilang na kapatid ni Hesus ay isang dakilang karangalan.

Itinatalaga ni Hesus na tayong lahat ay nagmumula sa Kanya.

MABUTING BALITA (Mc 10:2-12)

²NOONG panahong iyon, may mga Pariseong